

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH
HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR
AND PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO
JUNE 8, 2020 (11:04 A.M. 12:02P.M.)

SEC. ANDANAR: Magandang umaga sa lahat ng ating mga tagasubaybay na nakatutok sa kani-kanilang mga telebisyon, radyo at sa ating online streaming. Samahan ninyo po kami sa panibagong linggo ng paghahanda, paghahatid ng totoo at tamang impormasyon tungkol sa laban ng ating bansa kontra sa COVID-19.

Ako po ang inyong lingkod, Secretary Martin Andanar mula sa Presidential Communications Operations Office.

USEC. IGNACIO: At mula pa rin sa PCOO, ako naman po si Usec. Rocky Ignacio kasama ninyong aalam sa mga bago at mahahalagang impormasyon tungkol sa COVID-19 sa loob at labas ng ating bansa.

SEC. ANDANAR: Basta laging handa at sama-sama, kaya natin ito. Kaya naman, bayan, halina't samahan ninyo po kami sa Public Briefing #LagingHandaPH.

USEC. IGNACIO: Maya-maya po ay makakasama rin natin sina John Mogol ng Philippine Broadcasting Service, Eddie Carta ng PTV Cordillera at si Jay Lagang ng PTV Davao.

SEC. ANDANAR: Para naman sa pinakahuling balita sa bansa: Senador Bong Go pinapurihan ang PhilHealth sa pagpapababa ng presyo ng COVID-19 test package, [garbled] ng mula 8,150 pesos ngayon ay nasa 3,409 pesos na.

Sa isang pahayag ay sinabi ng Senador na dahil dito ay mas makakatipid ang pamahalaan at mas mabibigyang pansin ang iba pang health services na kailangang pagtuunan sa bansa. Dagdag pa niya na mas dadami rin ang mga kababayan nating maaaring i-test. Sa bagong payment scheme na ito, magbabayad ng 3,409 pesos ang PHilHealth basta sagot ng testing laboratory ang mismong test kit at iba pang serbisyo, habang 2,077 pesos naman ang babayaran kung donated lamang ang test kit; 901 pesos ang sasagutin ng ahensiya kung ang test kit ay in-administer sa mga pampublikong ospital.

Bilang Senate Committee Chairman on Health and Demography ay muling binigyang diin ng Senador ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mura pero dekalidad na healthcare system sa bansa lalo pa't sa gitna ng pandemyang kasalukuyan nating nararanasan ngayon.

USEC. IGNACIO: Samantala, tuluy-tuloy din naman ang ginagawang pagtulong ni Senador Bong Go sa iba pang mga kababayang nangangailangan gaya na lang ng nasa higit isanlibong pamilya na nawalan ng tirahan sa naganap na sunog sa Barangay Additional Hills kamakailan.

Namahagi ang opisina ng Senador ng grocery items, pagkain at financial assistance sa halos limanlibong individuals na naapektuhan ng nasabi trahedya. Siniguro naman ng Senador na nasunod ang tamang health and safety protocols gaya ng physical distancing at pagsusuot ng facemasks.

Nagbigay din ng tulong ang iba pang ahensiya ng pamahalaan gaya ng National Housing Authority, DTI, DSWD at PAGCOR sa mga nasunugan.

SEC. ANDANAR: Sa patuloy na pagtugon ng ating medical frontliners sa hamon ng COVID-19 sa bansa, hindi rin maiiwasan ang pagtaas ng volume ng medical wastes ng mga ospital. Kaya naman isang plano ang inilatag ng pamahalaang panlalawigan ng Albay na magtatayo ng isang hazardous waste disposal facility sa Barangay San Juan ng nasabing lalawigan na mariin namang tinutulan ng mga mamamayan nito.

Ayon kay Oas Provincial Administrator Vida Prollamante, hindi magiging mapanganib ang nasabing waste facility dahil dumaan umano ito sa maraming pagsusuri at masusing pag-aaral.

Sinabi naman ng Bise Alkade ng lugar na kailangang dumaan sa tamang proseso ang pagtatayo ng planta mula sa pagkuha ng mga kinakailangang permit hanggang sa mismong operasyon nito.

Nagpahayag naman ng pagkadismaya ang mga Oasnon sa napabalitang pagtatayo ng hospital waste facility sa kanilang lugar.

USEC. IGNACIO: Samantala, Secretary, COVID-19 count muna tayo. Kahapon po ay nakapagtala ng dagdag na limandaan at limampu't limang bagong kaso ng COVID-19 sa bansa kung saan 378 dito ay tinaguriang fresh cases habang 177 naman ang late cases. Sa kabuuan ay nasa 21,895 na po ang nagpositibo sa COVID-19 sa Pilipinas kung sa 15,905 dito ay mga aktibong kaso. Umabot naman sa 4,530 ang total recovery sa bansa matapos itong madagdagan ng 89 cases, habang nasa isanlibo at tatlo naman ang kabuuan bilang ng mga nasawi na nadagdagan ng siyam kahapon.

SEC. ANDANAR: Para po sa inyong mga katanungan at concerns tungkol sa COVID-19, maaari pong i-dial ang 02-894-COVID o kaya 02-89426843. Para po sa PLDT, Smart, SUN at TNT subscribers, i-dial ang 1555.

Maaari ninyo ring tawagan ang hotline numbers ng iba't ibang ahensiya ng ating pamahalaan na makikita ninyo sa inyong TV screens.

Patuloy po kayong makibalita sa mga pinagkakatiwalaang sources ng impormasyon tungkol sa COVID-19. Maaari ninyong bisitahin ang covid19.gov.ph.

At para sa ating Public Briefing ngayong araw na ito ay makakapanayam natin si Usec. Brigido Dulay ng Civilian Security and Consular Concerns ng DFA; si Undersecretary Sarah Arriola ng Migrant Workers' Affairs ng DFA; si Undersecretary Maria Rosario Vergeire, ang Spokesperson ng DOH; at si Consul General Adrian Elmer Cruz mula sa Embahada ng Pilipinas sa Madrid, Spain; kasama rin po natin si Usec. Markk Perete, ang tagapagsalita ng Department of Justice.

USEC. IGNACIO: Kung may mga katanungan po kayong nais bigyang kasagutan, maaari po kayong mag-comment sa aming online streaming, at sisikapin naming ipaabot iyan sa ating mga resource person ngayong araw.

SEC. ANDANAR: Simulan natin ang ating talakayan kasama si Usec. Brigido Dulay, si Sir Dodo, at kasama rin po si Usec. Sarah Arriola mula sa Department of Foreign Affairs. Magandang umaga po sa inyo.

USEC. DULAY: Good morning, Sec. Martin, Usec. Rocky. Good morning.

SEC. ANDANAR: Unahin natin ang repatriation efforts ng ating pamahalaan sa pangunguna po ng Office of the Undersecretary for Migrant Workers Affairs, Usec. Sarah. Ma'am, ilan na po ba ang pinakahuling bilang ng mga napauwi nating OFWs as of June?

USEC. ARRIOLA: Good morning, Sec. Martin. As of June 7, that's yesterday, we have 36,731 OFWs po ang nakabalik na ng Pilipinas; 22,198 dito iyong mga sea-based workers natin, karamihan po sa kanila ay galing sa cruise ships; at saka 14,533 po iyong land-based workers.

SEC. ANDANAR: Sa isang pahayag, sinabi po ng National Task Force for COVID-19 na may dagdag pang 45,000 OFWs ang inaasahang makakauwi by the end of June, na sa kabuuan ay inaasahang aabot sa somewhere 70,000 OFWs. Totoo po ba ito o inaasahang mas madami pa sa bilang na iyan, Usec. Sarah?

USEC. ARRIOLA: Ang sigurado po kami, marami po talaga tayong sea-based workers na nasa Americas po na around 31,000 to 35,000 na talagang kailangan na po nilang umuwi. Pero siyempre po ay kina-calibrate natin iyong pag-uwi nila.

Iyong sa land-based po, paiba-iba po sila especially now that some of the economies are opening up, like for example Dubai is open already. So iyong ibang mga tao po kapag nakakahanap sila ng mga trabaho, hindi na rin po sila bumabalik. But definitely, since the cruise ships po stopped operating since March, mayroon po talagang 30,000 to 35,000 sea-based workers po ang pauwi talaga sa ating bansa.

USEC. IGNACIO: Opo. Usec., good morning po. How about the latest count po of the infected OFWs at ang death toll na rin po; at paano po natin kinu-coordinate sa mga pamilya nila dito sa Pilipinas ang kalagayan nila abroad?

USEC. ARRIOLA: So far po, medyo nalulungkot po kami – we have 5,392 confirmed cases all over the world po iyan, majority ng ating mga kababayan na na-infect ay nasa Middle East po.

Two thousand seven hundred ninety-one dito ay sumailalim na po sa gamutan, at 2,231 po ang naka-recover. Unfortunately, 370 po ang pumanaw.

Lahat po ng kanilang mga kamag-anak ay kailangan lang pong makipag-ugnayan po sa Office of the Undersecretary for Migrant Workers Affairs para po sa shipment of remains.

Mayroon naman pong mga pagkakataon na doon po sa mga lugar na puwede po ang cremation at ini-elect na rin po ng pamilya na i-cremate ang katawan po ng kanilang mahal sa buhay, kini-cremate din po. Kailangan lang po talagang makipag-ugnayan sila sa mga embahada at sa mga consulate general natin sa buong mundo po.

Pero doon po sa ibang mga kamag-anak na nandito sa Pilipinas, kailangan lang po nila na makipag-ugnayan po sa any of our consular offices or dito po sa DFA sa Roxas Blvd.

USEC. IGNACIO: So, paano naman po iyong tuluy-tuloy nating pakikipag-coordinate sa mga embahada at konsulada natin abroad, para naman po masiguro iyong safety at welfare ng ating mga Overseas Filipino workers doon?

USEC. ARRIOLA: Iyong tungkol po sa mga OFWs, kailangan po talaga na sundin po nila iyong mga alituntunin at iyong mga rules ng country of destination. At kailangan po talaga na tingnan din po nila iyong mga Facebook pages or iyong mga websites ng mga embahada at consulates. Ninety-four (94) po ang ating consulates and ating embassies all over the world na handa pong promotekta sa kanilang kapakanan.

So, kailangan po talaga na sumunod. Kasi doon po sa ibang bansa, malaki po talaga ang fine, kapag lumalabas talaga sila. Kapag sinabi po talagang lockdown, bawal po talagang lumabas at makukulong din po sila, so makinig po tayo sa sinasabi ng mga gobyerno kung saan nandoon po tayo. At makipag-ugnayan po tayo sa mga embahada at consulates general ng – kung saan po kayo naroroon – ng Pilipinas, kung saan kayo naroroon.

USEC. IGNACIO: Usec., anu- ano naman pong klaseng assistance ang ipinapaabot ng DFA sa mga repatriated na legal at maging iyong undocumented workers po bago at pagkatapos nang biyahe nila pauwi dito sa Pilipinas?

USEC. ARRIOLA: Dito po sa atin talaga, may legal assistance fund po tayo kung kailangan po talaga nila ng abogado o mayroon po talaga silang mga problema para makauwi or... mayroon po talaga. Patuloy pa rin naman po din iyong mga usual assistance to national's cases natin. Pero lahat po ng ating mga kababayan, documented or undocumented, hindi po tayo namimili. Kailangan natin—puwede po silang umuwi at humingi po ng libreng pasahe sa ating embahada or consulate general. Pagdating po nila dito sa Pilipinas ipinapasa na po namin sila sa DOH at sa OWWA. So, ang major responsibility po ng DFA is the repatriation of our OFWs and Overseas Filipinos.

SEC. ANDANAR: Para po sa coordination of repatriation of the undocumented OFWs abroad may not be easy as with the legal and documented workers, paano po natin pinoprotektahan ang interest nila bago pauwiin sa ating bansa?

USEC. ARRIOLA: Actually, wala naman po talagang problema sa atin kung undocumented or documented. Actually, Sec. Martin, alam naman natin na isa sa mga—sa UAE marami po talaga tayong mga na-traffic na mga kababayan doon, they are undocumented, but we do not distinguish kung ano iyong kanilang migration status. So papauwiin po talaga din sila kung lumapit po sila sa mga embahada natin at konsulado – hindi po tayo namimili. So, pareho po ang treatment natin sa documented at undocumented. All our embassies are open 24 hours a day, mayroon po silang mga hotline at mayroon po silang Facebook pages. Kung hindi po talaga ninyo makausap ang embassy, ang DFA po mismo mayroon po tayong Facebook page na OFW HELP, 24/7 po iyon. Doon sa chat room, actually minu-minuto pong may pumapasok doon, at mayroon po kaming hotlines, ibibigay lang po namin iyong number – 0906-4421825 at 0908-3442070 – ano po iyan, 24/7 po iyan. So sa mga kamag-anak po ng mga OFW, kahit po documented or undocumented, kahit ano po iyong status nila, at sa lahat po ng ating mga OFWs na mga nangangailangan ng tulong – ang sina-suggest po namin, reach us through Facebook OFW Help. That's the official OFW portal po of DFA.

SEC. ANDANAR: Hindi lang sa pag-uwi sa Pilipinas natatapos ang pagsubok sa ating mga OFWs, kung hindi maging pagkatapos ng pandemya kung mayroon pa silang babalikang trabaho abroad. How will the DFA, OWWA and other concerned agencies assist them in re-securing their jobs abroad; possible po ba ito?

USEC. ARRIOLA: Well actually, Sec. Martin, ngayon po talaga patuloy naman na puwede pong lumabas ang lahat ng OFWs papunta sa kanilang mga bansa. Pero now, we continually make representations po sa mga bansa abroad, especially po doon sa health and safety ng ating mga kababayan. Lalo na po iyong mga economies na nagbubukas na po, katulad po ng common safety protocols, mga facemask and everything. Pero po, doon po sa mga nakabalik na at hindi po makakabalik, mayroon po talagang re-integration program. Ang DFA ay miyembro po ng OWWA Board at iyong OWWA funds din po may inilaan po diyan para makabangon muli ang ating mga kababayan. So, kung hindi po sila makakabalik, mayroon po tayong re-integration program under OWWA and DOLE at nakikipag-ugnayan din po ang Department of Foreign Affairs sa kanila para po iyong ating mga kababayan na bumalik ay makabangon po sa kanilang kinalugmukan po or dahil sa pagbalik nila, wala na rin silang mga trabaho.

SEC. ANDANAR: Maraming salamat po sa inyong panahon Undersecretary Sarah Arriola. May mensahe po ba kayo sa ating mga kababayan sa abroad?

USEC. ARRIOLA: Sa ating mga kababayan abroad humihingi lang po kami ng paumanhin kasi mabagal minsan talaga iyong pag re-repat. Alam po ninyo mayroon po tayong mga limitations na 1,200 na OFWs a day para po sa NAIA, at sa Clark naman po 600 OFWs a day na twice a week lang po. Pero ang sinisigurado po namin sa inyo, wala pong lalapit sa pamahalaan ng Pilipinas na gustong umuwi, na hindi makakauwi. Kaunting pasensiya lang po pero tuluy-tuloy po ang

pagpapauwi natin. Tuluy-tuloy po ang repatriation at kailangan lang po ninyo na lapitan ang embahada, ang kosulado, at ang DFA dito sa Pilipinas. Maraming salamat po.

SEC ANDANAR: Maraming salamat po muli, Usec. Arriola. At para po kay Usec Dulay ng Civil and Security and Consular concerns ng DFA: Under the new normal, may mga pagbabago ding ipatutupad ang DFA sa mga serbisyo nito kabilang na ang passport application. Usec., ano po ba itong bagong paraan para mag-apply or mag-renew ng passport under the new normal?

USEC. DULAY: Usec. Rocky and Sec. Martin, ang ating new normal ngayon ay ang lahat ng application para sa passport, authentication, civil registry – iyan ang mga basic services na binibigay po ng DFA – lahat po ito ay dapat gawin via online appointment. Mag a-appointment po tayong lahat – iyong gustong kumuha o mag-renew ng passport. Sapagkat kailangan po nating siguraduhin na iyon pong ating mga protocols na ipinatutupad po ng Department of Health ay masunod – iyan po ang social distancing at saka iyong limitation on the occupancy ng atin pong mga opisina.

SEC ANDANAR: Matagal nang ipinatutupad itong online passport application system, pero ito namang courtesy lane online system – how exactly does this work?

USEC. DULAY: Maganda iyang itinanong mo, Sec Martin, kasi ito iyong isa sa pinakamalaking pagbabago sa consular services. Sapagkat iyon pong ating mga courtesy lane applicants – ito po iyong mga senior citizen, mga OFW at iyon pong may mga kapansanan, mga kakababayan po natin na PWD – sila din po ay kailangan din po na mag-online appointment na po. At ang maganda po dito Sec. Martin at Usec Rocky, maganda na rin at ibabalita natin na hindi na rin po naman sila kailangang magtagal po sa ating opisina para na rin po sa kanilang kaligtasan. Sapagkat buo na rin po iyong ating proseso sa online na puwede na po itong online payment po ng kanilang mga passport. Pati na rin po iyong courier services, puwede na rin po nilang ipa-deliver sa bahay nila, hindi na po sila kailangang bumalik-balik sa ating opisina. Mas safety po iyong ating mga courtesy lane applicants – mga senior citizens, PWD at mga OFW dito po sa ating proseso na ating inilatag sa consular offices po natin.

USEC. IGNACIO: Opo. Usec, ulitin lang po natin kung sinu-sino iyong mga pupuwedeng gumamit ng courtesy lane - online application system, at kung mayroong special requirement na kailangan para dito?

USEC. DULAY: Iyon pong gagawin lang po nila ay tingnan lang po nila iyong website po ng Office of Consular Affairs. Mayroon po silang gagawin na application form online. So ifi-fill-up po itong application form online tapos ito po ay ipadadala sa DFA na email address at sila po ay bibigyan po ng appointment kung kailan sila pupunta.

Doon po sa online application form ay pareho na po ito ng regular, puwede na po silang magbayad kaagad, puwede na po silang kumuha ng courier para magpa-deliver. Ayan ho nakikita na po natin sa screen kung saan ho po nila ipadadala iyong kanilang application.

At maganda po dito sapagkat hindi po sila kailangan sumiksik. Dati po kasi sumisiksik po iyong ating mga courtesy lane, sila po naman ay nauuna kaya lang po napupuno po iyong ating opisina at siyempre po kapag puno po iyan hindi po natin magawa iyong social distancing.

Kaya po napakaganda nito sapagkat maayos na po ang proseso, pagdating po nila doon sigurado po mabilis po ang proseso ng kanilang pagkuha ng passport o pag-renew ng kanilang passport.

USEC. IGNACIO: USec., maging sa authentication services po ay may bagong guidelines ding ipinalabas ang DFA. So, ano po ang mga changes na rin sa proseso nito?

USEC. DULAY: Salamat po, USec. Rocky, ang ganda ng tanong ninyo. Ito na rin ang pagkakataon na sasabihin ko sa ating mga kababayan dahil lahat po ngayon ng serbisyo sa ating consular offices ay by appointment; ay dapat po silang humingi ng appointment online. Iyon po ay nakalagay po sa DFA website or sa Office of Consular Affairs website.

Mag-email lang po sila, ipadala po nila iyong dokumento na nila na gusto po nilang ipa-authenticate. Puwede rin po silang gumamit na po ng courier para ipadala po iyong dokumento nila; hindi po sila kailangan na lumabas ng bahay, puwede po silang stay at home. At iyon po, kapag natanggap po namin iyan ay kami po ang bahala na magtrabaho para sa kanilang application form.

At siguro, USec. Rocky, Sec. Martin, isisingit ko na din. 'no. Marami kasi doon sa ating mga kababayan ngayon iyong naipit, iyong nagkaroon kami ng backlog sapagkat iyong ating mga kababayan na hindi nakapag-apply noong ECQ ay marami sa kanila ay, una, iyong passport nila kailangan nilang kuhanin. So, iyong mga passport po na nakapag-apply na at naka-data capture, puwede po kayong makipag-ugnayan po sa aming consular office para po ipa-courier na lang po. Mayroon pong ganoong po na serbisyo ngayon, kung gusto ninyo po na ipa-courier na lang at huwag na po kayong lumabas, puwede na po ngayon.

At doon naman po sa mayroon pong pending na application at pupunta pa lang po doon sa DFA office, puwede rin po kayo na makipag-ugnayan po sa DFA at mag-apply na po ng courier delivery service para po pagdating ninyo po sa opisina namin at na-biometric po kayo ay kaagad-agad po kayong makakauwi, hindi na po kayo kailangang magtagal. Iyon pong passport ninyo, hihintayin ninyo na lang po sa bahay ninyo, ide-deliver na po by courier kung gusto ninyo po.

USEC. IGNACIO: USec., may panghuling paalala po ba kayo sa ating mga kababayan, iyong mga nais mag-avail ng consular services ng DFA sa panahong ito?

USEC. DULAY: Alam mo, USec. Rocky, Sec. Martin, ang atin lang namang ginagawa ngayon ay alinsunod doon sa patakaran ngayon ng DOH tungkol sa social distancing at saka iyong occupancy.

So lahat po ng serbisyo po natin ngayon ay puwede naman po ninyong makuha, bukas po ang lahat ng opisina ng Department of Foreign Affairs Consular Services; 36 na opisina namin operating po ngayon. Hindi po kayo kailangang pumunta, pupunta lang po kayo kung kapag kayo

po ay sa passport ay kukuhanan lang po kayo ng biometric; pero kung hindi naman po at mag-a-apply lang kayo, magbabayad po kayo o gusto ninyo pong ayusin ang delivery, mag-online lang po kayo, gumawa po kayo ng appointment sa amin lalo na po sa courtesy lane. Sumulat lang po kayo at mag-fill-up po kayo ng online form. Napakadali na lang po ngayon, hindi na po kayo kailangang bumiyahe.

Iyon lang po USec. Rocky, Sec. Martin. Maraming salamat po.

SEC. ANDANAR: Maraming salamat sa inyong panahon, USec. Dodo Dulay ng DFA. Mabuhay po kayo, sir!

USEC. DULAY: Thank you po, Sec. Martin! And USec. Rocky, salamat po!

USEC. IGNACIO: Salamat po, USec. Dodo.

Tuwing June 7 ay ipinagdiriwang natin ang Migrant Workers' Day kung saan po binibigyang-pugay natin ang mga kababayan nating manggagawa sa iba't-ibang panig ng mundo dahil sa kanilang malaking tulong at kontribusyon sa kanilang pamilya at sa ating bansa.

Panoorin ninyo po ito.

[VIDEO PRESENTATION]

SEC. ANDANAR: Muli, ang ating pagpupugay sa ating modern day heroes.

Samantala, sa kasalukuyan ang Espanya ay nasa ika-anim na puwesto sa may pinakamaraming naitalang kaso ng COVID-19 sa buong mundo. Makibalita tayo sa kalagayan ng Filipino community sa Spain at kung paano sila patuloy na namumuhay sa gitna ng banta ng pandemya.

Kasama natin si Consul General Adrian Elmer Cruz na nasa Spain. Magandang araw po sa inyo, Consul General.

CONSUL GENERAL CRUZ: Sec. Andanar, USec. Rocky, it's always a pleasure to be a guest in your program. On behalf of Ambassador Philippe Lhuillier, I wish to greet you and your viewers a bright and sunny good morning!

SEC. ANDANAR: Kumusta na po ang COVID-19 situation sa Spain lalo na ang mga Pilipinong apektado nito?

CONSUL GENERAL CRUZ: Well, since the time that we were in touch last April, the situation here in Spain has improved because of the Spanish Government's efforts to address the coronavirus crisis.

Secretary, in fact in the last 24 hours only one coronavirus death was reported by the Ministry of Health. As of June 7, there are more than 241 coronavirus cases that have been confirmed in

Spain. There were 27,000 deaths that were reported but the Ministry of Health reported also that 150,000 have recovered.

On the part of the embassy, with the help of the Filipino community, we have monitored so far 82 Filipinos who are suspected, or are confirmed to have COVID-19; and from this number, we had six deaths.

At least 32 Filipinos have informed us that they have fully recovered and we are also confident on the recovery of the rest of the Filipinos that we are monitoring. But still, we are also encouraging the Filipino community to report to us if there are also other Filipinos who have been reported to be COVID positive.

SEC. ANDANAR: What is the general situation now in Spain, bukas na rin po ba ang embahada natin diyan para i-assist ang ating mga kababayan?

CONSUL GENERAL CRUZ: Well, that's a good question, Secretary. Spain is still under a state of alarm until June 21 and all the regions of Spain are in varying phases of the de-escalation. Madrid is now under phase 2 of the de-escalation plan and starting today, they are in phase 2 and that means that there is flexible movement of people but only in the Madrid region.

In other regions such as Andalusia, Aragon, Canary Islands, Galicia, free movement is allowed but only within their territory. So, inter-regional travel is still not possible. So, that means the Philippine Embassy in Madrid it can only accept clients from Madrid region only. But we are really optimistic when the state of alarm is lifted, we will be receiving Filipinos who live outside Madrid but on an appointment basis.

Also, Secretary, I would like to inform you, the Philippine embassy has been opened every day since June 1 and the consular hours is from 10 A.M. to 2:39 in the afternoon where we receive clients with confirmed appointments.

Those who will be claiming passports at the embassy, we have set a special time for them, they don't need to have an appointment. They can come to the embassy between 12:30 noon to 2:30 in the afternoon.

On the other hand, the Philippine Consulate in Barcelona is open from 9:30 in the morning to 1:30 in the afternoon to answer phone calls and also to receive clients with confirmed appointments.

Your viewers can check the Facebook page of the Philippine embassy for all the details that we've provide and also the access to the appointment system for whatever consular services they need.

The appointment system is the one that is going to be used right now as what USec. Dulay had mentioned and also like in the situation of the DFA, we are doing this to ensure that there is social distancing to ensure the safety of the clients and also the employees.

USEC. IGNACIO: Opo. Sir, marami po sa ating repatriated OFW mula po sa Spain mga seafarers. Ilan po exactly iyong mga napauwi na at ano pong assistance ang in-extend ng ating embahada sa kanila?

CONSUL GENERAL CRUZ: The Philippine Embassy in Madrid has assisted the repatriation of 925 Filipino seafarers mostly from cruise ships who transited through Spain. The embassy coordinated with the employers, through their agents based in Spain as well as the manning agencies in the Philippines, for the clearance and documentary requirements.

We understand there had been bottlenecks in the testing and quarantine of repatriated OFWs as soon as they arrived in Manila. And because of this, a system to track repatriation arrivals and to monitor the wellbeing of all OFWs from the time they board the plane to the moment they arrived in the Philippines, and also until they are transported to their hometowns, that is now being implemented.

USEC. IGNACIO: Ano na po iyong status naman ng DOLE cash assistance program? Lahat po ba ng beneficiaries ay nabigyan na po ng tulong?

CONSUL GENERAL CRUZ: Thank you, Usec. Rocky. Our POLO is now still accepting applications for the OFW cash assistance program for the DOLE AKAP. So far there have been 225 applications that were processed; 170 came from Spain, 42 came from France and 13 came from Portugal. All the qualified applicants already received their financial assistance from DOLE.

Our Philippine Overseas Labor Office, it identified 4 reasons why an application would be denied: The first is, if the immigration status of the applicant reveals he's already a permanent resident or an immigrant. The second reason is, if the applicant who lost his job is not COVID-related and some examples of these denied applications show that the applicant was terminated because of poor performance or he had already resigned. The third reason, the applicant has received or will receive assistance from the employer or from the host government. And the last reason is, if the applicant is no longer an active OWWA member.

Usec. Rocky, I would also like to add 'no. The OWWA has been providing food packs to assist Filipinos who are OWWA members. On the other hand, the Philippine Embassy, with the help of the Honorary Consuls and the Filipino Community, we have also been providing food assistance since the pandemic had started in March. We also hope to continue and schedule the food assistance for this month of June to others who were not able to receive them.

USEC. IGNACIO: Sir, mayroon po bang plano naman ang embahada sa Espanya para naman po gunitain na ang nalalapit nating Araw ng Kalayaan dito sa Pilipinas, ngayon pong week na ito, may plano po ba diyan?

CONSUL GENERAL CRUZ: Mayroon po. Alam ninyo po ang buwan ng Hunyo, napaka-busy po na buwan iyan para sa embassy. But because of COVID-19 and the state of alarm in Spain, we have decided that in order to reach out to more than 44,000 Filipinos in Spain and Andorra, we need to conduct a month-long series of virtual activities and among them, the commemoration of Philippine Independence Day, the birthday of our national hero, Dr. Jose Rizal and the Philippine-Spanish Friendship Day.

And for 30 days, we will be urging everyone – visit the Philippine Embassy Facebook page and check the schedule workshops, webinars, concerts and other activities because we believe this is really a refreshing and exciting way to gather together and celebrate Filipino resilience, ingenuity, patriotism and nationalism.

So far I am pleased to report, we have had 7 Facebook webinars. We have promoted Philippine talents in Spain. We have also promoted some Philippine restaurants in Madrid and we've had discussions on culture and sports. And we also collectively gather from all of these 7 webinars a total of 50,000 views already and still our viewership is growing.

And the Philippine Embassy is working closely with the Department of Foreign Affairs and also your office, Secretary Andanar, the Presidential Communications Operations Office or PCOO on several virtual activities that will be shown in our Facebook account.

SEC. ANDANAR: ConGen, mensahe na lang po para sa mga kababayan nating nasa Spain ngayon.

CONSUL GENERAL CRUZ: Salamat po Secretary Andanar 'no. Bilang paalam na lang po, nais ko pong sabihin na ang embahada ng Pilipinas sa pamumuno po ni Ambassador Philippe Lhuillier ay nandito po para tulungan ang mga Pilipino sa Espanya at sa Andorra. At dahil po sa sitwasyon ngayon, importante po na magkaroon po naman tayo ng contact sa isa't isa. Madali naman po kaming ma-contact, nandiyan naman ho ang aming Facebook page at iyong website ng Philippine Embassy, nandoon po ang mga numero at mga emails namin. Iyon lamang po, maraming salamat po...

SEC. ANDANAR: Maraming salamat sa inyong panahon, Consul General Adrian Elmer Cruz mula sa Espanya, ingat po kayo diyan.

Isa rin sa mainit na usapin ngayon ay ang pagsusulong ng Anti-Terrorism Bill na kinukuwestiyon nang marami lalo pa at patuloy na humaharap ang ating bansa sa banta ng COVID-19. Kaugnay niyan ay makakapanayam natin ang Tagapagsalita ng Department of Justice – Usec Markk Perete, magandang umaga po sa inyo, Usec.

USEC. PERETE: Magandang umaga, Secretary Martin.

SEC. ANDANAR: Usec., maraming nagtatanong, bakit ngayon na may pandemya pa ay pilit nating isinusulong itong Anti-Terrorism Bill?

USEC. PERETE: My understanding Sec., is itong batas na ito, itong bill na ito ay matagal nang nakabinbin sa Kongreso, I think for over a decade. This is actually an amendment doon sa ating existing na terrorism law, as well as iyong Terrorist Financing Act 'no. So this is trying to augment over an existing legislation, and siguro nagkataon lamang na iyong pansin ng Kongreso ay natuon dito sa legislation na ito at this point in time.

SEC. ANDANAR: Makakatulong ba ito sa ating bansa sa pagharap natin sa mga terorista?

USEC. PERETE: Well, even at the start of the pandemic, iyong ating mga agencies involve in national security have been very alert and has repeatedly informed us na kailangang hindi natin tigilan iyong pagbabantay sa mga possible na terrorist activities 'no, especially because in times of a pandemic eh baka i-exploit nila iyong pagkakataon na ito. And so this pandemic is no excuse for us to also look at the security aspect ng ating bansa.

USEC. IGNACIO: Opo. Usec., mayroon pong nagsasabi na masyado daw pong vague o malabo ang definition ng terrorism sa panukalang ito. Can you please clarify to us the definition of terrorism sa konteksto po ng Anti-Terrorism Bill at anu-ano po iyong mga aksiyon na maituturing bilang terorismo; Ang isa po ba daw aktibista ay maituturing nang isang terorista?

USEC. PERETE: Usec. Rocky 'no, it might be premature for me to discuss iyong aming opinyon on the proposed Anti-Terrorism Act of 2020 dahil nga sa may request yata ang Executive Department for the Department of Justice to review this legislation 'no. So at this point, I'd rather reserve iyong opinyon namin on the provisions of the Anti-Terrorism Act of 2020 after na ma-review din ng Department of Justice iyong proposed legislation.

Although I would say at this point na based on a cursory reading of the provisions of the bill or the proposed law, it would seem na marami iyong hinahanap niyang elements before act specific act may be considered as a terrorist act or an act that is covered by the Anti-Terrorism Law or proposed law. And so iyong—I would just... probably to answer that question, bring attention to one of the provisions of the law which says na hindi niya, in essence, pinipigilan iyong dissent, iyong opposition, iyong criticism against the government.

So... that I think should somehow come iyong concerns of certain quarters over the possible abuses diumano na posibleng ma-commit using the Anti-Terrorism Act or the proposed Anti-Terrorism Act of 2020.

SEC. ANDANAR: Alright. Usec, sinabi po ninyo na you are still reviewing some of the provisions, if not all the provisions ng batas na ito. So, can we ask you any question about this bill at all?

USEC. PERETE: As to the content, siguro I would rather that... before iyong possible na position ng Department of Justice, because as a matter of course, once a bill is enrolled, once a proposed legislation is approved by both houses of Congress, normally naman the Office of President would ask the agencies involved to comment on a proposed legislation, para din sa use ng the Office of the President and that is what we are doing at the moment.

SEC. ANDANAR: We understand your position, Usec. Perete. Sir, pasado sa Kongreso, Senado, ilang linggo po ang inaasahan ng publiko bago lumabas po ang inyong rekomendasyon para kay Presidente?

USEC. PERETE: We hope to expedite as well iyong aming opinion on this proposed legislation. Precisely because we understand that the President has also certified the bill as urgent. And so on the part of the Department of Justice, ine-expedite po natin ang paglalabas ng aming review and opinion on the provisions of the Anti-Terrorism Act.

USEC. IGNACIO: Opo. Usec, may mga netizens lang po na nagpalabas ng kanilang pagkabahala doon sa alleged bantang nare-receive nila mula sa dummy accounts, ito iyong sa facebook, I think, iyong bearing their name, labeling them as terrorist. Ito po ba ay maaari na ring aksyunan ng DOJ?

USEC. PERETE: Tama po, Usec. In fact, I think about yesterday si Secretary Guevarra has ordered our office of Cybercrime to look into matter and as of 10 o'clock last night over a hundred dummy accounts have already been reported to the office of Cybercrime in DOJ. Ito naman ay ating ipinagbigay-alam sa facebook para ito ay i-take down but more importantly para ma-preserve iyong data, whether we are talking about subscriber data, traffic data or consent data ng mga account na ito. Ang importante is ma-preserve itong mga data para later on if mag-decide iyong mga affected individuals na mag-file ng criminal complaint ay magagamit bilang ebidensya iyong data from these accounts for the purpose of prosecution.

As we all know, iyong computer-related identity theft is a crime which defined and punished by RA 10175, iyong ating Cybercrime Prevention Act. And it is a computer-related identity theft, iyong penalty diyan ay 6 years and one day to 12 years of imprisonment among others. So, it is a serious criminal violation.

USEC. IGNACIO: Okay, maraming salamat po sa inyong panahon, Usec. Markk Perete ang tagapagsalita ng Department of Justice.

USEC. PERETE: Maraming salamat po.

SEC. ANDANAR: Thank you, sir. Alamin po natin ang mga balitang nakalap ng Philippine Broadcasting Service mula sa ating mga lalawigan, go ahead John Mogol.

(NEWS REPORTING)

USEC. IGNACIO: Maraming salamat po sa ating mga naging panauhin ngayong araw at ang ating partner agencies sa kanilang patuloy na suporta at walang sawang paghahatid ng mga balita at impormasyon. Maraming salamat din sa Filipino Sign Language Access Team for COVID-19 sa inyong araw-araw na pakikiisa sa ating programa. Mabuhay po kayo.

SEC. ANDANAR: Diyan nagtatapos ang ating programa para sa araw na ito. Ako po ang inyong lingkod, Secretary Martin Andanar mula sa Presidential Communications Operations Office.

USEC. IGNACIO: At mula pa rin po sa Presidential Communications Operations Office, ako naman po si Usec. Rocky Ignacio.

SEC. ANDANAR: Hanggang bukas po muli dito lamang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

###

--

News and Information Bureau-Data Processing Center